# Patlang

Hindi ko kailanman malilimutan ang mga araw na ibinuhos kong lahat ng atensiyon ko sa Wattpad. Klik dito, klik doon. Basa rito, basa roon. Halos wala na akong ibang atupagin kundi ang araw-araw na paghihintay sa pagpaskil ng bagong kabanata ng kuwentong sinusubaybayan ko. Inaabot ako ng ilang oras para lang sa pagbabasa ng mga librong ito. Handa ako sa pamumugto ng aking mga mata para lamang madama ko ang kilig, ang koryente at pagsambulat ng iba't ibang damdamin sa bawat *fanfiction* na paborito ko. Pipiliin ko pang magpa-iwan sa bahay para lamang makatapos ng isang *fanfiction* na iiyakan ko lang naman sa dulo. Hanggang sa isang araw, napahinto akong magbasa at nag-isip. Ano nga ba ang makukuha ko sa pinagkakaabalahan kong ito? Ano nga ba ang pinupunan nito sa aking pagkatao?

Ang pagbabasa ay isang bahaghari para sa buhay ko bilang nag-iisang anak. Ang mga libro ang itinuring kong unang kaibigan at unang pag-ibig. Kinder pa lamang ako nang namulat sa mundo ng pagbabasa. Madalas akong pinagbibigyan ng aking mga magulang kapag ako'y nagpapabili ng mga libro. Madalas akong masabihang *bookworm* dahil malapit talaga ang puso ko sa mga aklat. Hindi ko maitatangging mas mahilig ako sa mga babasahing Ingles dahil doon ako nasanay. Hayskul na ako at ganoon pa rin ang sistema ko; palabasa pa rin, at para sa akin wala namang mali.

Natuklasan ko ang Wattpad at doon nagsimulang magbago ang pananaw ko sa mga dapat kong kahiligan. Maraming *fanfiction* ang nakakuha ng pansin ko, at nanibago ako dahil hindi na Ingles ang wikang gamit sa pagsulat; halos lahat ng napag-interesan ko ay Taglish. Tuluyang nahulog ang aking loob sa mga kuwentong pag-ibig na isinulat ni Jonahmae Pacala, kilala rin bilang jonaxx sa mundo ng Wattpad, tulad ng *Until Trilogy*, Baka Sakali, at Mapapansin Kaya?,

at marami pang iba na nakasalukuyang nakalimbag na rin bilang mga aklat na ipinagbibili sa iba't ibang tindahan ng mga aklat.

*"Wala ka namang makukuha riyan, nagsasayang ka lang ng oras mo." "Alam mo, hindi naman makatutulong ang pagbabasa mo sa ikakaunlad ng Filipinas, walang kuwenta naman iyang Wattpad mo."*

Walang ibang pangungutyang nakasakit ng loob ko kundi ang huling pangungusap. Wala nga bang maitutulong na maganda ang pagtangkilik ko sa Wattpad? Sinisira lang ba nito ang imahen ng bantog na panitikang Filipino?

Ang buhay bilang isang kabataan ngayon ay isang malaking lansangang tulad ng EDSA kung saan maraming sasakyan ang bumabagtas, at natural na hindi magiging madali ang pagsuong dito. Isa na sa mga balakid na ito ang palagiang pagpuna sa bawat aksyon, at hindi ako nakaligtas doon. Marami-rami na rin akong nabasang komentong nagsasabing pinapapangit daw ng kabataan ngayon ang naibantayog na kultura ng Filipinas dahil sa walang katapusang pansariling kagustuhan ng mga bata, partikular na ang mga tinedyer. Tanging sa social media na raw nakatuon ang atensyon ng mga bata at hindi na napapahalagahan ang pagpapayabong pa ng kulturang inalagaan sa tumalikod na mga panahon. Hindi rin nakaligtas ang Wattpad sa pamumuna ng karamihan. Nasisira lamang daw ang mayamang panitikan ng bansa dahil Taglish ang ginagamit na wika at hindi purong Filipino. Wala rin naman daw silbi ang tumataas na bilang ng mga Filipinong nahihilig na sa pagbabasa kung titibagin lang nito ang mataas na kalidad at pamantayan ng panitikang Filipino.

Noong una ay hindi ko alam ang dapat kong maramdaman dahil isa ako sa mga tinedyer na kabilang sa sanlaksang sumusuporta sa Wattpad. Hindi nagtagal ay napag-isipan kong buhay

ko ito. Sarili ko itong kuwento at ang mga bagay na sa tingin ko'y makakapagpabuti sa akin ay hindi dapat maapektuhan ng mga pamumuna o pamimintas ng ibang tao. Nasa sa akin na kung ang gagawin ko ay may hatid na mabuting epekto, at nakasasalalay na rin sa akin kung paano ko gagawing makulay at kapaki-pakinabang ang kuwentong ako mismo ang nagsusulat.

Ang buhay natin ay isa lamang mahabang kuwentong puno ng saya, drama, at kung ano-ano pang emosyong kagaya ng mga nababasa ko sa Wattpad. Ikaw ang bida; ikaw ang gagalaw. Palagi ring may kontrabidang nakaaligid para lamang kontrahin at pahirapan ka sa pagkamit ng nais mong abutin. Ganiyan ang buhay, at ganiyan din ang hamong araw-araw kong kakaharapin at ng kapuwa kong kabataan. Araw-araw tayong kinakaharap ng hindi matapos-tapos at hindi maubos-ubos na mga tanong kung ano at paano tayo makatutulong sa lipunang kinakatayuan natin ngayon. Hindi man mapansin ang maliliit na bagay at pagsisikap na binubuhos natin, ang mahalaga ay may nagawa tayong sa tingin natin ay makabubuti hindi lamang sa ating sarili kundi sa mga taong nakapalibot sa iyo.

At kung ganoon nga, ikaw ang bida ng kuwentong ikaw din ang nagsulat. Ikaw ang didikta kung paano magiging tuwirang bida ang sarili mong karakter, at napakahalaga ang gagawin mong aksyon na siyang bubuhay sa kuwento mo.

Ako'y isang tinedyer, at natural mayroon at mayroon akong masasabing kulang sa sarili kong sistema. Natural sa ating mga tinedyer na maghanap ng bago – ng bagong kakaaliwan – dahil isang malaking patlang ang sarili nating kuwento, ang sarili nating mga buhay.

Ba't hindi ko kaya tularan? Pinaaalala lamang nito sa akin ang nasimulan ko nang kuwento noon. Nailathala ko na ito sa Wattpad ngunit binura ko lang ito kaagad dala ng aking pag-aalinlangang husgahan lang ako ng ibang tao. Sa totoo lamang, walang naidulot ang aking

pagdadalawang-isip kundi ang pighating hinayaan kong pangunahan ako ng takot ng sasabihin ng iba. Dito ko napagtantong ang pinakaunang hakbang upang makapag-impluwensiya ka ng taong nakapaligid sa iyo ay ang pagpupuno ng patlang sa iyong sarili. Upang makapagdala ka ng positibong impluwensiya sa ibang tao, kailangan mong patatagin ang sarili mong pagkatao, lalong-lalo nang namumuhay tayong kabataan sa isang panahong tiyak na marami ang makakapagpabago ng damdamin natin.

Paniguradong hindi tayo madadalian sa pagtawid sa mga malalaking lansangan ng buhay natin – ang hamong patunayan ang sarili natin, ang hamong makapagsulong ng interes sa kultura at panitikang sariling atin; ngunit, isa lamang ang masasabi ko. Hayaan mo ang sarili mong isulat ang sarili mong kuwento. Hayaan mo ang sarili mong bigyan ng saysay ang patlang na nag-aabang lang na mapunan ng mga makabuluhang bagay. Hindi ito literal na magsulat ng kuwentong nasa lingguwaheng Filipino kundi ito ang pagpatuloy ng kung ano mang tingin mong makakabuti para sa lahat. Kung ramdam mong magsulat ng tulang Filipino, sige lang, huwag mong ikahiya. Kung nais mong magbasa ng mga akdang nasa sarili mong wika – Ilokano, Bikol, Hiligaynon, o Cebuano – hayaan mo ang sarili mong malibang at maging masaya sa iyong binabasa. Huwag mong isipin ang pangungutyang matatanggap mo mula sa ibang tao dahil nagpapakatotoo ka lang naman. Hayaan mo ang sarili mong maging tunay na Filipino. Ito ang pinakamainam na paraan upang makita ng kapwa natin kabataang hindi naman pala kahiya-hiya ang pagiging Filipino. Kung may nakikita ang ibang taong gumagawa ng ganitong bagay, lalakas na rin ang loob nilang gayahin ang kung ano mang pinapakita mo. Wala nang ibang hihigit pa sa pagiging mabuting bersyon ng iyong sarili upang makapagdala ng mabuting impluwensiya sa ibang tao.

Sa kapuwa ko kabataan, humayo kayo at gawin ninyo ang sarili ninyong kuwento. Tayo'y nasa makabagong panahon na, at ito ang pinakamalaking alas natin. Nariyan lamang ang teknolohiya, isang klik mo lang at makakapagbasa ka na ng mga libro. Isang klik mo lang, makagagawa ka na rin ng sarili mong kuwento. Nariyan ang Wattpad, ang ating modernong pluma, na nag-aabang na pakinabangan mo. Ilang salita mo lang sa Twitter, at maaari ka nang makapagpabago ng isip ng kapuwa mo kabataan. Hindi naman natin kailangang manatili sa kinasanayan dahil kailangan nating mamulat sa pagbabago. Para saan pa't naimbento ang teknolohiya kung hindi naman natin ito magagamit sa sarili nating kapakanan.

Ito ang kuwento ko – isang kuwento ng pagiging matapang mula nang matuklasan ko kung ano nga ba ang magagawa ko para sa bayan ko sa murang edad pa lamang. Ito ang kuwento ko sa likod ng pagsulat ng sanaysay na ito upang maipakita ko sa kapuwa ko kabataan na nasa maliliit na bagay nagsisimula ang pagsasakatuparan ng pangarap na maging isang nasyonalistiko kahit bata pa lamang tayo. Ang satispaksyong naibibigay ng pagiging mabuting ehemplo sa kapuwa ang pumuno sa napakalaking puwang na naging hadlang sa aking buong pagkatao.

Ikaw, anong kuwento mo? Tara na't huwag kang mahiyang simulan ang kuwentong pupuno sa patlang sa pagkatao mo at ang kuwentong makakapagpabago ng buhay ng kapuwa natin Filipino.